Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Ang Katakatakang Paglalakbay Ni Pablo

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Pablo and si Silas,
alagad ng Panginoong
Hesus, ay nabilanggo.
Wala silang nagawa na
masama o kamalian –
kung di napaalis nila
ang demonio sa loob
ng buhay
ng isang
babae.

Pinakita ang
mga imahen – mga
taong sumasamba na
nakatira sa Philippi,
and kapangyarihan ng
tunay na Diyos at ang
Kanyang Anak na si
Hesus.
Dahil
nito sila
ay hinuli,
binugbog
at kinulong.


Sa palagay ninyo magagalit at manghinakit sila Pablo at Silas. Ngunit hindi sila nagalit.


Sa katutuhanan,
sa hating gabing
yon naupo sila
na kumakanta
ng himno awitin
sa pagpupuri ng
Panginoong Diyos!


Ang lahat
ng mga nasa
bilanggoan,
at ang
nagbabantay
ay nakarinig
sa mga
kantahan
nila Pablo
at Silas.

Bigla, huminto ang kantahan nila. Napakalakas na lindol ang pinadala ng PANGINOON upang masira ang bilanggoan. Ang lahat ng mga pintoan ay nabuksan. Ang lahat ng mga gapos ng bawat isa ay nangakalas.



Oh-oh! Ang tagapamahala ng bilanggoan ay hindi tiyak kung ang mga bilanggo ay nangagsitakas dahil sa lindol. Kahit isa lamang ang maka-takas, ang tagapamahala ng bilanggoan ay mapaparusahan sa pamamagitan ng pagpatay sa kanya.

Nakalulongkot, ang pobring tagapamahala ng bilanggoan ay binunot ang kanyang tabak at patayin niya ang kanyang sarili at tapusin ang lahat.

Ngunit si Pablo ay sumigaw, “Huwag mong saktan ang iyong sarili, sapagkat naririto kaming lahat.” Nang nakita ng tagapamahala ng bilanggoan ito, siya’y nagsalita, “Mga ginoo, ano ang gagawin ko upang ako’y maliligtas?”

Kaagad sinabi nila,
"Tumanggap ka sa
Panginoong Hesus
Kristo, at kayo'y
maligtas, kayo at ang
nasa inyong bahay."
Maligaya ang
tagapamahala
ng bilanggoan
sa pagkat siya
ay tumanggap
kay Hesus.



Nang pinakawalan sina Pablo at Silas, patoloy ang kanilang pagla-lakbay sa ibat-ibang bayan, binalita nila ang tungkol kay Hesus. Ang ibang mga tao ay naniwala, ngunit ang iba ay sinaktan sila.

Subali't ang Panginoon ay kasama nila. Isang gabi, si Pablo ay nag bigay ng mahabang sermon na naabutan ng ilang oras. Isang binata na naupo sa tabi ng bintana ay nakatulog. Huhulain mo na lamang kung ano ang nangyari.

Alam ng lahat na ang binata ay namatay. Ngunit bumaba si Pablo at yinakap ang binata na nagsabi, "Ang buhay ay nasa kanya." Dinala nila ang binata na buhay at sila ay tuwangtuwa.

Napakarami ang mga adbentura nila Pablo at Silas habang sila ay nagpatoloy ng paglalakbay sa Eyoropa. Isang adbentura na dakilang-dakila ay nangyari nang siya'y nasa isang bapor.



Itong uring bapor ay hindi yaring asero at hindi matibay gaya ng mga bapor sa malalaking dagat. Ito ay gaya ng bangka
na may layag,
at madaling
malunod
kung ang
panahon at
mahangin
at masama.





Si Pablo ay sumakay sa bapor sa pagkat siya ay hinuli ulit. Ngayon siya ay haharap sa emperador ng Roma, ang punong-lungsod ng boong mundo. Malakas na hangin ang dumating at nagpahina sa bapor.



Parang may malaking bagyo sa unahan. Napakahirap na biyahe para kay Pablo at mga bilanggo, at ang lahat nang namamahala sa bapor.

"Mga ginoo, nakikita ko na ang paglalayag na ito ay makapipinsala at malaki ang kapahamakan," inabisuhan sila ni Pablo. Ang kapitan ay hindi nakinig sa abisung ito. Patoloy ang paglayag nila.



Nang dumating ang malaking bagyo, tinalian nila ang bapor ng lubid sa paligid, inasahan na ito ay makapatibay at hindi masisira.



Ang maliit na bapor ay hinagis ng malakas na hangin, na umutos sa bawat isa ang kapitan na itapon ang kanilang mga karga upang hindi lulu-bog ang bapor. Nang dumating ang tatlong araw, itinapon nila ang layag. Baka-sakali sa paraang ito ay makatulong.



Nang gabing iyon, an anghel
ay tumayo sa tabi ni Pablo at
sinabihan siya na ang pangyayaring
ito ay hindi makapinsala sa kanila.

Ang iba ay nasigla ng sinabi ni Pablo, "Tibayin ang inyong mga puso mga ginoo, sa pagkat ako'y naniniwala sa Diyos na gaya ng sinabi Niya sa akin wala kapinsalaang mangyayari. Gayonman, dudonggo dapat tayo sa isang isla."

Nang dumaan ang ilang araw, ang bapor ay napadpad doon malapit sa isla ng Malta. Nabangga ang bapor sa mga bato at nawagsak. Nagmando ang kapitan na kung sino ang makalanguy ay tumalun na at makatakas sa lupa.

Ang iba ay naligtas, nakahawak sa mga l umilitaw na kahoy, at ang iba ay nakahawak sa mga piraso ng wasak na bapor.

Sa Malta, ang Panginoong Diyos any nagpakita ng Kanyang dakilang kapangyarihan. Habang sila'y nagipon ng mga kahoy at magsindi ng apoy, kinagat si Pablo ng malason na ahas. Ang akala ng mga tao na siya'y mamamatay.

Ngunit ang kagat ng ahas na iyon ay hindi naka kapatay. Ang akala ng mga tao na si Pablo ay diyos. Dumating ang maraming mga tao na may sakit, at ginaling sila ng Panginoon pagkatapos idalangin sila ni Pablo.

Si Pablo ay nakarating sa Roma. Lumipas ang dalawang taon bago napakinggan ng hukuman ang kaso ni Pablo. Sa panahong iyon, inupahan ni Pablo ang isang bahay at siya ay tumanggap ng mga dumadalaw sa kanya.

Alam mo ba kung ano ang sinabi ni Pablo sa mga dumadalaw? Ang kaharian ng Diyos! Ang Panginoong Hesus Kristo! Si Pablo ay alila ng Panginoon sa Roma, gaya ng lahat ng kanyang mga paglalakbay.

“Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananam palataya,” Si Pablo ay sumulat galing Roma. Ang Biblia ay hindi nagsasabi sa atin kung papaano siya’y nawalan ng hininga o namatay, ngunit ang ibang nakatala ay nagsasalaysay na si Pablo ay napugutan ng ulo sa Roma ayon sa mando ng Emperador, na si Nero.



Namatay si Pablo gaya ng siya'y buhay – ang tapat na alagad ng Panginoong Diyos, ibinalita sa iba ang tungkol kay Kristo Hesus.



Ang Katakatakang Paglalakbay Ni Pablo

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Ang Mga Gawa 16,27, 28; Panga-
lawang Sulat ni Pablo kay Timoteo 4

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16